## SA NGALAN NG ALLAH ANG PINAKAMAAWAIN, PINAKAMAHABAGIN

## SA PAGITAN NG SILAKBO NG DAMDAMIN AT KATUWIRAN

Papuri sa Diyos, ang lumikha ng lahat ng bagay sa kanilang pinakamahusay na anyo at ang pinakamatalino sa Kanyang iniuutos. Pinakamakapangyarihan Siya na lumikha sa sangkatauhan at pinaboran sila sa pamamagitan ng pagbigay sa kanila ng biyaya ng isip, paggabay sa kanila sa mga tamang landas, at pag-iwas sa kanila sa mga bitag ng kasamaan. Sumasaksi ako na walang ibang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba maliban sa Allah. Sumasaksi rin ako na si Muhammad, ang Kanyang Tagapaglingkod at Mensahero, ay ang pinakamarunong sa lahat ng tao at pinakatapat sa kanyang mga sinasabi. Gawaran nawa siya ng Allah ng kapayapaan at karangalan, at pati ang kanyang pamilya at mga kasama at sinumang sumunod sa kanyang mga turo at nanindigan sa kanyang mensahe hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

O mga tagapaglingkod ng Diyos

Iminumungkahi ko sa inyo tulad ng pagmungkahi ko sa aking sarili na matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) at hangarin ang Kanyang kaluguran sa lahat ng inyong gawain. [O kayong mga naniniwala, matakot sa Allah at magsalita ng mga bagay na may hustong katarungan] (Surat Al-'Ahzab-70). Dapat ay alam na ninyo ngayon – pagpalain nawa kayo ng Diyos-na nilikha ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang mga tao sa pinakamahusay na anyo at pinaboran sila sa lahat ng iba pang mga nilikha. Isa sa mga kamangha-manghang ginawa ng Diyos sa nilikhang ito ay pinagsama Niya rito ang silakbo ng damdamin at katuwiran, at inilaan sa kanya ang anumang sumisiguro sa balanse sa pagitan nito. Sa totoo lang, tumitindi ang silakbo ng damdamin sa paglaki ng mga pita at pag-iipon ng mga impluwensya. Gayunman, ang Allah (Subhanahu wa ta`ala) na kilala ang Kanyang nilikha, matalino sa Kanyang utos, ay nagpala sa tao ng pag-iisip upang maging mas malapit ito sa katuwiran at upang kaluguran Niya ito. [At sa [pamamagitan ng] kaluluwa at sa Kanya na tumimbang rito, at pumukaw rito [na may pagkakaintindi] sa kasamaan at kabutihan nito, pinagtagumpay Niya ang siyang nagpapadalisay nito, at binigo Niya ang nagpapanatili nito [na may korupsyon] (Surat Ash-Shams-7-10).

Sa totoo lang, hindi ginagawa ng Islam ang isip, ang tagapag-kontrol ng silakbo ng damdamin, na maging paraan upang supilin o sugpuin ito. Gayunman, ito ay paraan upang kontrolin at bigyang-direksyon ang silakbo ng damdaming ito upang maging kaaya-aya sa tao at magbigay ng kasiyahan at kasiguruhan. Tunay nga, ito ang dahilan kung bakit natin makikita sa Banal na Aklat at Sunnah ng pinakahinahangaang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ang mga sanhi na nagdadala sa kaluluwa mula sa walang-halagang silakbo ng damdamin papunta sa tamang paggabay, at nagbabawal dito mula sa pagsunod sa mga landas ng pagkalihis at korupsyon.

O mga Muslim

Ang paglihis ng silakbo ng damdamin ay mailalarawan sa maraming anyo at iba-ibang hugis. Subalit, ang pinakamasamang paglalarawan nito ay sa mga sitwasyon ng galit at di-pagkakasundo dahil ang galit na tao ay hinihimok ng mga damdamin ng pagganti. Samakatwid, kumikilos siya nang hindi nag-iisip at nagsasabi ng mga bagay nang wala sa tamang kamalayan. Walang duda, itinuturing ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ang pagkontrol sa silakbo ng damdamin sa mga mahihirap na sitwasyong ito na isa sa mga pinakamahuhusay na anyo ng lakas. Sinabi niya (Ang malakas na tao ay hindi iyong nakikipagbuno. Sa halip, ang malakas na tao ay yaong nagkokontrol sa kanyang sarili kapag siya ay galit).

Sa katunayan, nag-uutos ang Islam sa mga naniniwala na kapag nagagalit, manindigan sa balanse sa pagitan ng karunungan at hustisya, at kontrolin ang kanilang mga silakbo ng damdamin sa pamamagitan ng pagbibigay-importansya sa tawag na rason na sumusuporta sa pagpapasensya at pagpapatawad kung saan ang layunin ay ang makuha ang gantipala ng Kabilang-buhay. Maliban dito, ang pasensya ay isa sa mga matatatag na katangian na naroroon lamang sa mga taong may determinasyon. [At sinumang mapagpasensya at nagpapatawad – tunay nga, iyan ay isang bagay [na nangangailangan] ng determinasyon] (Surat Ash-Shūraá-43). Isinalaysay na isang araw, habang ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ay nakaupo kabilang ng kanyang mga kasama, may lalaking nang-alimura at nang-insulto kay Abû Bakr As Siddîq (Radiya Allahu anhu). Nanatiling tahimik ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ngunit si Abû Bakr (Radiya Allahu anhu) ay nagalit at gumanti sa taong ito. Sa puntong iyon, tumayo ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) at umalis. Sinundan siya ni Abû Bakr As Siddîq (Radiya Allahu anhu) at

nagtanong “Ininsulto niya ako sa harap mo, at nang ako ay gumanti, ikaw ay umalis?” Sumagot ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (May anghel na bumaba mula sa Langit at itinatanggi niya ang sinabi tungkol sa iyo. Nang ikaw ay gumanti, may demonyong bumaba. Hindi ako mananatiling nakaupo nang bumaba ang demonyo). Sa madaling salita, ang pananakit, sa lahat ng anyo nito, ay nag-iiwan ng masamang epekto, nakakasakit ng damdamin, at nakakasugat sa puso; kaya ipinagbabawal ito ng Diyos sa lahat ng aspeto, hal. sa salita man o sa gawa. Nagsabi ang Makapangyarihang Diyos [Ang iyong mga nananakit sa mga naniniwalang lalaki at naniniwalang babae sa [isang bagay] maliban sa anuman ang dapat sa kanila ay siguradong nagdala sa kanilang mga sarili ng kasalanan ng paninirang-puri at paghahayag] (Surat Al-'Aĥzāb-58). Ang mga mapagpaimbabaw noon ay nang-aabuso sa Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) at nagsasabi, “Siya ay isang tenga.", na ang ibig sabihin ay naniniwala siya sa anumang sasabihin sa kanya. Ipinagkalat nila ito bilang paninira. Kaya, inihayag ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang sumusunod na berso bilang sagot sa kanila. Sinabi [At kabilang sa kanila ay yaong mga nang-aabuso sa Propeta at nagsasabing, "Siya ay isang tenga." Sabihin, "[Ito ay] isang tenga ng kabutihan para sa inyong mga naniniwala sa Allah at naniniwala sa mga naniniwala at [ito ay] awa para sa mga naniniwala sa inyo." At sinumang nang-aabuso sa Mensahero ng Allah – para sa kanila ang isang napakasakit na parusa] (Surat At-Tawbah-61). Sa totoo lang, kabilang sa uri ng pang-aabusong ito ang panunukso sa Banal na Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) at sa kanyang Sunnah, pangmamaliit sa kanyang marangal na posisyon, at paghimok sa mga taong huwag sumunod sa kanyang mga turo. Ang parusa para sa pang-aabusong ito ay matindi at inilarawan sa mga sumusunod na salita ng Makapangyarihang Diyos na nagsabing [Tunay nga, yaong mga nang-abuso sa Allah at sa Kanyang Mensahero – isinumpa sila ng Allah sa mundong ito at sa Kabilang-buhay at inihanda sila para sa nakakahiyang parusa] (Surat Al-'Aĥzāb-57).

O mga Kapatid sa Pananampalataya

Ang tunay na Muslim ay yaong mga nasaktan ang damdamin dahil sa salitang sinabi niya upang iwasan ang anumang walang-katuturan at upang gayahin ang kaugalian ng mga tagapaglingkod ng Makapangyarihan na inilarawan Niya sa pagsasabing [ang kapag ang ignorante ay nakipag-usap sa kanila [nang malupit], magsasabi sila [ng mga salita] ng kapayapaan] (Surat Al-Furqān-63). Ang taong ito ay magsasabi ng

mga salita ng kapayapaan na sumusunod sa halimbawa ng pinakamahusay sa lahat ng nilikha, gawaran nawa siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng pinakamahusay na biyaya at kapayapaan. Ito rin ang kaso noong ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ay nasasaktan dahil sa kanyang personalidad. Gayunman, tungkol sa kanyang mga prinsipyo at kaugalian, ginagapi niya ang pang-aabuso sa pamamagitan ng katuwiran at tinatalo ang mga nananakit sa kanya sa pamamagitan ng kaalaman sa hinaharap at karunungan. Samakatwid, kaya niyang pabulaanan ang mga kasinungalingan sa pamamagitan ng ebidensya at patunay. Dati ring ipinapakita ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ang kanyang mga ebidensya sa pamamagita ng mga malilinaw na paglalarawan. Nagsabi ang Makapangyarihan Diyos [Mag-anyaya sa landas ng iyong Panginoon na may karunungan ang mahusay na tagubilin, at makipagtalo sa kanila sa pinakamabuting paraan] (Surat An-NaĥI-125).

Tunay nga, ang Relihiyosong silakbo ng damdamin ay hindi dapat maging sanhi ng lehitimong paraan ng pang-aabuso at pang-iinsulto sa mga hindi naniniwala rito, na naniniwalang ang Muslim ay gagantimpalaan at sa kalaunan ay magtatagumpay ang Islam. Ang ugaling ito ay sumasalungat sa tagubilin ng tunay na relihiyon. Nagsabi ang Makapangyarihan Diyos [At huwag insultuhin ang mga tinatawag nila maliban sa Allah, dahil iinsultuhin nila ang Allah nang may poot at kawalan ng kaalaman. Kaya ginaya namin kaaya-aya sa bawat komunidad ang kanilang mga gawain. At sa kanilang Panginoon sila babalik at sasabihin Niya sa kanila kung ano ang dati nilang ginagawa] (Surat Al-'An`ām-108).

Kaya mga kapatid, dapat kayong maging maawain sa sangkatauhan, anumang ang sitwasyon, upang magabayan ninyo sila sa tuwid na landas ng Diyos. Tunay na ito ang paraan kung paano ang mga kasama dati ay nakitungo sa ibang tao, kahit na sa mga sumusuway. Isinalaysay na sinabi ni Ibnu Mas’ud (Radiya Allahu anhu) na « Kung may nakakita sa kanyang kapatid na nagkakasala, hindi niya dapat tulungan ang demonyo laban sa kanya at magsabing: “O Allah hiyain siya, O Allah sumpain siya, sa halip ay dapat mong hilingin ang kabutihan ng Allah. Kami, ang mga kasama ni Muhammad, ay hindi nagsasabi ng mga nakakasakit sa iba hanggang sa malaman namin ang dahilan ng kanilang kamatayan. Kung mabuti ang kanilang kamatayan, iisipin namin na mabuti ang kanyang ginawa, ngunit kung malaman namin na masama ang kanilang kamatayan, kami ay mag-aalala sa kalalabasan ng kanyang

mga ginawa)). Kung susundin ng mga Muslim ang mararangal na kaugaliang ito sa pagtrato sa bawat isa, malaking bahagi ng poot at galit ang mawawala, at magkakaroon ng tulay sa kooperasyon patungo sa katuwiran at kabanalan sa pagitan ng mga tao.

Kaya, mga muslim, matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) at sanayin ang inyong mga dila sa pagsasabi ng mga magagandang bagay at ng kung anuman ang maghahatid ng pagkakaisa sa inyo. Mag-ingat sa mga magiging dahilan ng sama ng loob, poot, at pagdaramdam, at timbangin ang inyong mga damdamin gamit ang balanse ng pag-iisip at katuwiran upang manalo kayo sa buhay sa mundo at sa kabilang-buhay, at makamit ang dalawang pinakamahusay (na bagay).

Sasabihin ko itong aking sariling kasabihan, at humihingi ako ng kapatawaran mula sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) para sa akin at sa inyo, at sa lahat ng mga Muslim, kaya humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya, at Siya ang Tagapagpatawad, ang Maawain, at tumawag sa Kanya at Siya ay tutugon sa inyo, dahil ang Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang Pinakamapagbigay.

**********************************

Papuri sa Diyos, ang tagasuporta sa mga mabubuting gawain at katuwiran, at nagbabawal sa mga kasamaan at kasinungalingan. Sumasaksi ako na walang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at na si Muhammad ang Kanyang Tagapaglingkod at Mensahero, ang pinakamahusay sa lahat ng tao sa kabutihang-asal, at pinaka-mapagparaya sa lahat sa kanila. Gawaran nawa siya ng Allah ng kapayapaan at karangalan, at pati ang kanyang pamilya at mga kasama at sinumang sumunod sa kanyang mga turo at nanindigan sa kanyang mensahe hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

O mga kapatid sa pananampalataya

Ang Islam ay isang relihiyon na sumusuporta sa malalim na pag-iisip sa mga kalalabasan ng mga bagay at sa paggamit ng pag-intindi sa hinaharap at karunungan para sa kung anuman ang magliligtas dito mula sa kasamaan, mag-iiwas dito sa mga walang-katuturang pita, at magbabawal dito mula sa pagsunod sa mga landas ng kasamaan. Tunay nga, inuutos ng Islam sa mga naniniwala rito na gamitin ang kanilang mahusay na pag-iisp at huwag tumauli sa bawat ideolohiya o sumunod sa anumang propaganda. Ang mga Muslim ay kailangang mag-isip tungkol sa mga

kalalabasan, kontrolin ang kanilang mga sarili, panatilihin ang kanilang pakikinig at paningin, at gamitin ang kanilang isip at katuwiran sa kung anumang bagay na nais nilang gawin o iwasang gawin. Kaya kumakatawan sa mga salita ng Makapangyarihan [At huwag magpatuloy sa iyong wala kayong nalalaman. Tunay nga, ang pakikinig, at paningin, at ang puso – tatanungin [ang isa] tungkol sa lahat ng ito] (Surat Al-'Isrā'-36). At ang Kanyang sinabi [Sabihin, "Ito ang aking paraan; Nag-aanyaya ako patungo sa Allah na may maliwanag a pagkaunawa, ako at sinumang susunod sa akin. At pinakamataas na papuri para sa Allah; at hindi ako kabilang sa mga nagtatambal ng iba sa Kanya”] (Surat Yūsuf-108). Samakatwid, ang pagkilos ng mga tao at pag-iwas sa mga pagkilos ay nakasalalay sa kabutihan, ibig sabihin, kung may inaasahan silang mabuti, itinutuloy nila ito, at kung may inaasahan silang hindi mabuti, iniiwasan nila ito, at kung sila ay malito, hindi sila kikibo. Isinalaysay na nasa isa sa mga Hadith ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (May tatlong uri ng gawain: yaong mga malilinaw na mabuti at maaari mong sundin; yaong mga malilinaw na mali at kailangan mong iwasan; at yaong mga kaduda-duda na kailangan mong ipagpasa-Diyos).

O mga Tagapaglingkod ng Diyos, matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) at gawin ang lahat ng makakaya upang gamitin ang inyong isip, kontrolin ang silakbo ng inyong damdamin, gawin ang iniutos sa inyo ng inyong Panginoon, at manindigan sa Sunnah ng inyong Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) upang maging matagumpay sa buhay sa ngayon at sa Kabilang-buhay.

Kaya, ipadala ang inyong pagpapala sa pinuno ng mga Mensahero (Salla Allahu alayhi wa sallam), tulad ng utos sa inyo ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa Banal na Aklat na sa pamamagitan ng pagsasabi ng: [Tunay nga, ang Allah at ang Kanyang mga Anghel ay nagpadala ng mga pagpapala sa Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam). O kayong mga naniniwala! Magpadala ng mga pagpapala sa kanya at salubungin siya (na may) mga pagbati] ( Surat Alhazab 56).

O Allah! Ipadala Mo ang Iyong awa kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong awa kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). At ipadala Mo ang Iyong mga pagpapala kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong mga pagpapala kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). Tunay na ikaw ang Pinaka-karapatdapat sa Papuri, Pinakadakila.

O Allah! Malugod nawa sa kanyang mga Makatuwirang Kalipa, kanyang mga asawa at ina ng mga naniniwala, kanyang mga kasama at lahat ng mga naniniwala, lalaki at babae sa Araw ng Paghuhukom, at malugod rin sa amin sa Iyong Awa, O Pinakamaawain.

O Allah! Pagpalain ang aming pagtitipon dito ngayon, at nawa'y humayo kami sa kapayapaan at sa proteksyon mula sa kasalanan, at huwag kaming gawing nagkukulang sa aming relihiyon.

O Allah!  Hinihingi namin sa Iyo ang gabay, debosyon, kalinisang-puri, at kayamanan.

O Allah! Hinihingi namin sa Iyo na gawaran ang bawat isa sa amin ng tapat na dila, ng mapagpakumbaba at nagsisising puso, ng mga mabubuting gawain, ng kapaki-pakinabang na kaalaman, ng matatag na paniniwala, ng dalisay na pananampalataya, at ng matuwid at pinagpalang kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah!  Gawaran nawa ng kaluwalhatian ang Islam at mga Muslim! At gawaran ng suporta at pagkakaisa ang Islam at mga Muslim, O Allah! Pahulugin ang mga maniniil at hindi naniniwala. O Allah! Gawaran nawa ng kapayapaan at seguridad ang lahat ng iyong mga tagapaglingkod.

O Allah! Gawaran ng seguridad ang aming mga tinubuang lupa! Gawaran kami ng tumatagal na kaligtasan at katatagan sa aming tinubuang lupa! Gawaran ng kaluwalhatian ang aming Sultan at suportahan siya ng katotohanan at gawin siyang gabay sa katotohanan.

O Allah!  Padalhan kami ng ulan mula sa kalangitan at gawin kaming isa sa mga nakakaalala sa Iyo sa araw at gabi, at isa sa mga naghahangad ng Iyong kapatawaran sa gabi at madaling-araw.

O Allah! Padalhan kami ng mga pagpapala ng kalangitan at kasaganaan ng lupa, at pagpalain ang aming mga prutas at pananim at ang aming buong kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah! Bigyan kami ng kabutihan sa mundong ito at sa kabilang-buhay, at protektahan kami mula sa parusa ng Apoy."

O Allah! Huwag hayaang ang aming mga puso ay tumalikod matapos Mo kaming gabayan, at gawaran kami ng Iyong awa. Tunay nga, Ikaw ang Tagapagpakaloob.

O Allah! Nagkamali kami sa aming mga sarili, ang kung hindi Mo kami patatawarin at hindi kami bibigyan ng awa, siguradong magiging isa kami sa mga talunan."

O Allah! Patawarin ang lahat ng mga naniniwalang lalaki at babae, ang mga nabubuhay pa at mga nangamatay na, at Ikaw ang Pinaka-nakikinig at Pinaka-tumutugon.

Mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)! “Ipinag-uutos ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang hustisya, ang paggawa ng mabuti, at kagandahang-loob sa mga kaibigan at kamag-anak, at ipinagbabawal Niya ang lahat ng mga nakakahiyang gawain, at kawalang-hustisya, at paghihimagsik: Ipinag-uutos Niya sa iyo, upang sa gayon ay iyong maalala.”